

COVID-19

IKA-5 ULAT SA MGA SABI-SABI

Espesyal na Edisyon



Nakikipagtulungan ang Internews sa Translators without Borders, Standby Task Force, at BBC Media Action para mangolekta at mag-analisa ng mga sabi-sabi at maling impormasyon na may kaugnayan sa virus na SARS-CoV-2 at sakit na COVID-19.

Mula noong Marso, nakakolekta na kami ng halos **3,000 sabi-sabi** sa mga social media platform sa siyam na wika. **Nagsisilbing pasilip sa kamalayan ng komunidad ang mga sabi-sabi na ito.** Naipaparating ng mga ito ang pangamba at pagkabahala na nadarama ng mga komunidad sa pandemyang ito, ang kakulangan ng impormasyon, pati na ang karaniwang pagkalito sa mahahalagang mensaheng pangkalusugan.

Ikinisyon ang analisis na ito upang suportahan ang mga diskarte sa komunikasyon at pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng lokal na media at mga lokal na organisasyon gamit ang mga wika at paraan ng komunikasyon na gusto ng iyong komunidad.

Nais naming tiyaking magsisimula ang mga pakikipag-ugnayan hinggil sa COVID-19 sa mga tunay na tanong at pag-aalala sa ating mga komunidad. Binibigyan namin ang media sa rehiyon ng impormasyong pangkalusugan na batay sa katibayan mula sa siyentipikong komunidad at mga Ahensya ng UN para makuha nila ang mga instrumentong kailangan nila upang matugunan ang mga karaniwang sabi-sabi na kumakalat sa kanilang mga komunidad.

Naisasakatuparan ang aming gawain sa pagsisikap ng aming mga social media monitor. Tinitiyak ng pamamaraang nakatuon sa tao na ito na ang mga post ay kinokolekta ng mga nagsasalita ng katutubong wika na nagbibigay ng mahalagang impormasyon upang matulungan ang aming mga analyst na maunawaan ang konteksto ng kultura ng tanong, komento, o reklamo.

Sa espesyal na edisyon ng ulat na ito

makikita ang mga highlight mula sa mga sabi-sabi na nakolekta mula Enero 23 hanggang Mayo 31, 2020. Itinatampok namin ang datos ng sabi-sabi na nakolekta sa anim na wika: Thai, Vietnamese, Bahasa Indonesia, Simplified Chinese, Khmer, at Tagalog.

Mahamanap mo ang mga naunang edisyon ng Ulat sa mga Sabi-sabi at mga sanggunian para sa komunikasyon sa [site para sa COVID-19 ng Internews](#), pati na ang mga pagsasalin ng ulat sa Hindi, Vietnamese, Thai, Bahasa Indonesia, at Simplified Chinese.

Tumatanggap kami ng mga tanong, kolaborasyon, at puna. Mayroon ding mga export ng datos upang suportahan ang mga ginagawang pagbabalita tungkol sa mga panganib. Para matuto pa tungkol sa aming pamamaraan, makipag-ugnayan sa covid-19@internews.org

Binuo ang ulat na ito nang may malaking suporta mula sa H2H Network. Ang network at ang pondo nito ay sinusuportahan ng UK aid na ipinagkakaloob ng pamahalaan ng UK. Nakatuon ang proyektong ito sa pagbibigay ng mga instrumentong kailangan ng mga mamamahayag at tagapagbalita sa iba't ibang parte ng Asya, sa mga wikang nais nilang gamitin, upang labanan ang mga sabi-sabi at maling impormasyon sa krisis na dulot ng COVID-19.

Para makakuha ng karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa:

covid-19@internews.org

Internews







Thai

Ang analisis na ito ay batay sa 420 sabi-sabi na na-post mula Pebrero 25, 2020 hanggang Mayo 31, 2020. Para makita ang lahat ng nakolektang datos, magpadala ng email sa covid-19@internews.org.

Mga Tema



Platform



Facebook at Twitter ang mga pangunahing platform kung saan nakuha ang impormasyon, ngunit nakapagtala rin kami ng ilang sabi-sabi mula sa Pantip, Line, Instagram, at YouTube.

Lubhang Mapanganib

Nakapangkat din ang mga sabi-sabi ayon sa potensyal na panganib ng mga ito. Ayon sa aming datos, mula sa kabuuang 420 sabi-sabi na naanalisa, 34% ang minarkahan bilang 'Lubhang Mapanganib'. Narito ang ilang paulit-ulit at lubhang mapanganib na sabi-sabi na nakita namin:

"Binatikos ng maraming tao ang bilang ng mga bagong kaso ng COVID-19 kahapon. May 53 bagong kaso at 42 sa kanila ang mga ilegal na migranteng manggagawa na tumakas papunta sa border. Kahit marami sa kanila ang inaaresto, patuloy silang pumupunta sa bansa natin dahil alam nilang inaalagaan nang maayos ng Thailand ang mga pasyenteng may COVID-19. Kahit walang iniulat na impeksyon ang Burma, may mga taong may impeksyon na pumupuslit papuntang Thailand para magpagamot." - Facebook

"Tatakpan ng endocannabinoid sa cannabis ang mga selula ng baga para hindi makadikit dito ang COVID-19. Maaari din nitong mapalakas ang immune system sa pamamagitan ng pagpapataas sa temperatura ng katawan. Hindi kakalat ang COVID-19 kapag mas mataas ang temperatura ng katawan." - Facebook

Mayo 2020

Sa pagsapit ng buwan ng Mayo, pumasok ang Thailand sa ikalawang buwan ng lockdown. Nagdulot ito ng lumalalang kapaguran, pagkabalisa, at kaguluhan sa mga post sa social media tungkol sa posibilidad na magkaroon ng 'ikalawang wave' ng mga impeksyon ng coronavirus sa huling bahagi ng taon. Ayon sa aming datos, mula sa 201 sabi-sabi na naitala sa buwan ng Mayo, 15 ang tungkol sa posibilidad na magkaroon ng ikalawang wave ng mga impeksyon.

Ayon sa isang post sa Pantip: "Nakakatakot dahil sinabi ng Kalihim ng Kagawaran ng Pananalapi na kung magkakaroon ng ikalawang wave ng paglaganap ng COVID-19, wala na tayong sapat na badyet para labanan iyon. Ni hindi pa sapat para sa mga taong nangangailangan ang kasalukuyang halaga na 5,000 THB x 3 buwan. Kung magkaroon ng ikalawang wave ng paglaganap ng COVID-19 at walang pera ang gobyerno, magkakangulo ba?"

Sa pamamagitan ng mas masusing pagsusuri sa mga sabi-sabi, naikakategorya namin ang mga ito sa malalawak na tema. Ang limang pinakalaganap na tema mga sabi-sabi sa wikang Thai ay Panggamot o Lunas, Pang-iwas, Mga Sintomang Kalinisang Pangkatawan, at mga sabi-sabi tungkol sa paggawa ng bakuna pa

Halimbawang Sabi-sabi: Mga Sintomas

"Kamakailan lang, napag-alamang sintomas ng COVID-19 ang sakit sa balat na tulad ng urticaria. Nakakatakot talaga." - Facebook

"Nagbago na ang anyo ng virus para puntirya hin ang utak natin. May mga pasyenteng walang sintomas o pulmonya, at sakit ng ulo at depresyon lang ang nararanasan. Noong sinuri namin ang cerebrospinal fluid, natuklasan naming mayroon silang COVID-19. Ibig sabihin, puwede itong maging encephalitis. Kaya posibleng nagbago na ang anyo ng virus pero COVID-19 pa rin ang tawag dito." - Twitter

Halimbawang Sabi-sabi: Bakuna

"Sabi ng kaibigan ko na isang doktor, puwede pa rin namang magkaroon ng sinat kapag nagpapabakuna laban sa trangkaso. Humigit-kumulang 50% ng sintomas na ito ang maaaring pagkamalang COVID-19." - Twitter

"Isang munting tagumpay sa Thailand. Yay! Prototype ng bakuna para sa COVID-19 sa mga "daga" at natuklasang nagbigay ito ng resistensya. Isang grupo ng mga doktor na pinangungunahan ni Dr. Kiat Raktungtham ang bumuo ng prototype na bakuna na tinatawag na DNA vaccine." - Pantip

Halimbawang Sabi-sabi: Mga Sintomas

"Bukod pa sa pag-ehehersisyo, kumain ng 'pagkaing Thai' na may mga 'herb,' gaya ng Miang Kham, ginisang balanoy, at tom yum, para mapalakas ang resistensya at maiwasang mahawa ng mga virus." - Twitter

"Bumubuo ng mga antioxidant ang Ex Plu Kaow para maiwasang magkaroon ng COVID-19. Napag-alaman sa pinakabagong pananaliksik na pinakamainam itong gamitin para maiwasang magkaroon ng COVID-19. Sabi ng gurong si Israpong Pongsirikun, isang espesyalista sa agro-industriyal na teknolohiya, may mahahalagang aktibong sangkap ang Plu Kaow—ang quercitrin, isang antioxidant na nagpapalakas sa katawan." - YouTube

Halimbawang Sabi-sabi: Kalinisang Pangkatawan

"Ayon sa pananaliksik, posibleng maimpeksyon ng COVID-19 ang mga pusa at ferret. Puwede nating ipagpalagay na maaaring kailanganin nating dumistansya na rin maging sa mga pusa." - Facebook

"Nakipag-usap ako ngayong araw kay Ajarn Aod na mula sa Kasetsart University at alam ko na kayang patayin ng 'tanso' na hawak ko o na palaging gamit ng mga monghe ang COVID-19 sa loob lang ng 2.5 minuto! Ngunit may babala na puwede itong daanan ng kuryente at matalas ito." - Twitter

Halimbawang Sabi-sabi: Mga Sintomas

"Pakuluan nang sama-sama ang luya, galangal, tanglad, sibuyas, at bawang at inumin ito para gumaling sa COVID-19 dahil napagaling nito ang cholera sa kasaysayan ng Thailand." - Facebook


"Para gumaling sa COVID-19, manatili sa labas nang nakabilad sa araw sa loob ng 8 oras!" - Facebook



Vietnamese

Ang analisis na ito ay batay sa 428 sabi-sabi na na-post mula Pebrero 1, 2020 hanggang Mayo 31, 2020. Para makita ang lahat ng nakolektang datos, magpadala ng email sa: covid-19@internews.org.

Mga



Sa pamamagitan ng mas masusing pagsusuri sa mga sabi-sabi, naikakategorya namin ang mga ito sa malalawak na tema. Ang limang pinakalaganap na tema ng sabi-sabi sa wikang Vietnamese ay Panggamot o Lunas, Pang-iwas, Sanhi, Hindi Makatuwirang Palagay, at mga sabi-sabi na tungkol sa paggawa ng bakuna para sa COVID-19.

Halimbawang Sabi-sabi: Hindi Makatuwirang Palagay

"Nakakadiri talaga ang mga Chinese. Gusto nilang pumunta sa Vietnam para magkalat ng virus, hindi ba? Dahil kaunti lang ang kumpirmadong kaso sa atin, mukhang gusto nilang paramihin 'yon, hindi ba? Sana ay tama ang mga maging desisyon ng ating pamahalaan." - Facebook

"Dapat tayong magpasalamat sa coronavirus. Dahil dito, nalaman ng buong mundo ang totoong mukha ng China." - YouTube

Halimbawang Sabi-sabi: Panggamot / Lunas

"Hindi nakakatagal ang coronavirus sa mataas na temperatura, kaya karaniwan akong lumalabas ng 12 p.m. at naglalakad-lakad hanggang 6 p.m. Naniniwala na ako ngayon na mamamatay ang coronavirus... pagkatapos ko!" - Facebook

"Lunas ba para sa COVID-19 ang bitamina D na nasa pagkain at ang mga lugar na may mainit na temperatura?" - Facebook

Halimbawang Sabi-sabi: Pang-iwas

"Mapupuksa ang coronavirus sa loob ng 5 minuto kapag inilubog ang face mask sa tubig na may asin at isinuot ito." - Facebook

"Uminom ng tsaa na lemon sa umaga, at lunukin ang iyong plema para hindi masyadong matuyo ang lalamunan mo; uminom ng mainit na tubig sa tanghali, at madalas na lunukin ang iyong plema sa hapon; uminom ng mainit na salabat sa gabi. Maliligtas ka nito sa coronavirus." - Facebook

Halimbawang Sabi-sabi: Bakuna

"Pinlano ng Partido Komunista ng China na ikalat ang coronavirus sa buong mundo. At ngayon, naghahanda ito ng bakuna bago ang iba pang bansa. Malinaw na ipinapakita nito na planado ang lahat ng pangyayari." - Facebook


"May nabasa ako na magkakaroon ng mga hindi malalang sintomas ng COVID-19 ang mga bata kung naturukan sila ng ibang uri ng bakuna dati. Pero hindi ko alam kung totoo ito." - Facebook

Halimbawang Sabi-sabi: Sanhi

"Narinig ko na nagmula sa isang laboratoryo sa China ang COVID-19." - Facebook

"Si Bill Gates at ang ambisyon niyang maging tagapagliligtas ng sangkatauhan. Produkto ng pagtutulungan ni Gates at ng China ang coronavirus, 'di ba?" - Facebook

Platform



Facebook ang pangunahing platform kung saan nakuha ang impormasyon, ngunit nakapagtala rin kami ng ilang sabi-sabi mula sa Twitter, YouTube, Gapo, TikTok, at Instagram.

Lubhang Mapanganib

Nakapangkat din ang mga sabi-sabi ng mga panganiib ng mga ito. Mula sa 428 sabi-sabi na naanalisa, 40 lang ang binabanggit ang 'Lubhang Mapanganib', at karamihan sa mga ito ay naglalayong magbenta ng mga lunas na halamang gamot o may brand na face mask na nangangako ng 'ganap na resistensya sa sakit'. Narito ang ilang paulit-ulit at lubhang mapanganib na sabi-sabi na nakita namin:

"Sumasang-ayon ako sa gamot na ito (hydroxychloroquine), at nagamit ko na ito. Talagang nakakatulong ang paggamit ng pinaghalong gamot na panlaban sa lagnat at panlaban sa pamamaga. Bihira lang ang mga masasamang epekto." - Facebook

"Nasuhulan ang director-general ng WHO ng mga Komunistang Chinese. Kaya sinubukan niyang baguhin ang unang pangalan ng virus at palitan ito ng pangalang talagang mahirap isulat at tandaan. Ang totoo, ang tamang pangalan ay Wuhan acute pneumonia at nagmula at kumakalat ito mula sa China." - Facebook

"Para maprotektahan ang kalusugan ng mga mamamayan at pambansang seguridad, iminumungkahi kong sunugin ang siyang naglalayong ikalat ang sakit." Facebook

Mayo 2020

Maraming nagdokumento sa pagtatagumpay ng Vietnam sa pagsugpo sa virus at pagpigil sa paglaganap nito. Gayunpaman, ang pagtatagumpay nito ay may kaakibat din na pagkabahala sa hinaharap kapag ibinalik ang mga internasyonal na flight.

Nagresulta ito sa ilang sabi-sabi sa social media sa buwan ng Mayo na naglabas ng saloobin laban sa muling pagbubukas ng mga paliparan ng Vietnam. Ayon sa isang halimbawa sa Facebook:


"Ibabalik natin ang mga internasyonal na flight para muling makapasok ang sakit, hindi ba?"



Bahasa Indonesia

Ang analisis na ito ay batay sa 734 na sabi-sabi na na-post mula Pebrero 4, 2020 hanggang Mayo 31, 2020. Para makita ang lahat ng nakolektang datos, magpadala ng email sa: covid-19@internews.org.

Mga Tema



Sa pamamagitan ng mas masusing pagsusuri sa mga sabi-sabi, naikakategorya namin ang mga ito sa malalawak na tema. Ang limang pinakalaganap na tema ng sabi-sabi sa wikang Bahasa Indonesia ay Panggamot o Lunas, Pang-iwas, Sanhi, Hindi Makatuwirang Palagay, at mga sabi-sabi na tungkol sa paggawa ng bakuna para sa COVID-19.

Halimbawang Sabi-sabi: Panggamot

"Totoo ba na mawawala ang coronavirus kung pumutok ang Bul kang Merapi, Bul kang Krakatoa, at Bul kang Kerinci?" - Twitter

"Nagulat ang Indonesia sa paglabas ng mga bulate, at alam nating lahat na talagang kapaki-pakinabang ang mga bulate sa medikal na agham. Nagagamot nito ang lagnat at typhus, nakakapatay ito ng bakterya, nakakadagdag ito sa bakuna, atbp. Hindi masamang gamitin ang mga bulate para gumawa ng gamot para sa coronavirus." - Twitter

Halimbawang Sabi-sabi: Pang-iwas

"Magandang balita—may lunas ang lahat ng sakit! May lalaking nakadiskubre ng inuming pang-iwas sa coronavirus na mula lang sa buto ng alimuran." - Facebook

"Sabi nila, makakaiwas ka sa coronavirus kapag uminom ka ng anggur merah (red wine) dahil mayroon itong alkohol na katulad ng nasa hand sanitizer." - Twitter

Halimbawang Sabi-sabi: Sanhi

"Sa Jember (isang lungsod sa East Java), may sinasabi na puwedeng kumalat ang coronavirus sa pamamagitan ng mga manok. Bumagsak ang presyo ng karne ng manok at pato dahil dito. Sinasabi nila iyon dahil magkapamilya ang mga virus na nagdudulot ng avian flu at ng COVID-19." - Twitter

"Sabi nila, napapababa ng 5G signal ang resistensya natin, kaya naimpeksyon ng coronavirus ang mga tao." - Twitter

Halimbawang Sabi-sabi: Hindi Makatuwirang Palagay

"Narinig ko sa mga kapitbahay ko na gamot talaga ang coronavirus. Nagmula raw ito sa New York at hinangin, kaya kumalat ang coronavirus. Sabwatan din ang coronavirus laban sa Islam para hindi makapunta sa mosque ang mga Muslim para magdasal..." - Twitter


"Hindi ba ipinagbabawal ng relihiyon ang LGBT? LGBT ang dahilan kung bakit pinaparusan tayong lahat ng Diyos sa pamamagitan ng coronavirus. Sana ay mapagtanto nila ang kanilang mga kasalanan." - Twitter

Halimbawang Sabi-sabi: Bakuna

"May ilang siyentista nang nakadiskubre ng mga bakuna o lunas para sa COVID-19 at namatay silang lahat pagkatapos nilang ipaalam ang mga nadiskubre nila. Mukhang negosyong nagkakahalaga ng bilyon-bilyong dolyar ang coronavirus, tulad ng HIV/AIDS." - Twitter

"Panloloko ba ito o hindi? Opisyal na bakuna na para sa coronavirus ang remdesivir, pero hindi ba ito ang bakuna para sa Ebola? #iwanfals" - Twitter

Platform



Twitter ang pangunahing platform kung saan nakuha ang impormasyon, ngunit nakapagtala rin kami ng ilang sabi-sabi mula sa Facebook, YouTube, TikTok, at Instagram.

Lubhang Mapanganib

Nakapangkat din ang mga sabi-sabi ayon sa potensyal na panganib ng mga ito. Mula sa 734 na sabi-sabing naanalisa, 6% lang ang minarkahan bilang 'Lubhang Mapanganib'. Narito ang ilang paulit-ulit at lubhang mapanganib na sabi-sabi na nakita namin:

"Huwag na huwag mong nanaising masuri para sa coronavirus. Kapag dumami ang mga taong nagpapasuri, mas mabilis lang na matutuloy ang pakay ni Bill Gates na monopolisahin ang mundo. Kung mayroon kang sakit, HUWAG MAGPASURI PARA SA CORONAVIRUS. Magpagaling lang sa pamamagitan ng mga karaniwang ginagawa na ANGKOP sa sakit. MAS MAPANGANIB KAYSA SA CORONAVIRUS kapag NAKONTROL ni Bill Gates (ang may-ari sa karamihan ng mga pandaigdigang kompanyang parmasyutiko) ang loob ng katawan mo." - Instagram

"Gustong magbigay ng WHO ng 20 milyong dolyar na suhol at may lasong gamot para sa COVID-19! Ang sinumang naniniwala pa rin na makataong organisasyon ang WHO ay kasingtalino siguro ng mga taong nagsasabi na hindi pagmamaniwala sa kasaysayan ang pelikulang G30S/PKI." - Instagram

Mayo 2020

Lumobo nang mahigit doble ang bilang ng mga kaso sa Indonesia sa buwan ng Mayo, na naging dalawampu't apat na libo mula sa labindalawang libo. Dahil dito, maraming lumabas na sabi-sabi online tungkol sa pagtugon sa sitwasyon ng pamahalaan ng Indonesia.

Ayon sa isang user sa Twitter:


"Araw-araw na nagkukuwento ang isang kaibigan ko sa trabaho tungkol sa lockdown. Sabi niya, sadyang naglalabas ang gobyerno ng mga hindi totoong balita tungkol sa paglaganap ng virus sa lahat ng lugar, at sabwatang pampolitika lamang ito. Sinabi niya rin na negatibo itong nakaapekto sa mga tao at sa mga Muslim."



Simplified Chinese

Ang analisis na ito ay batay sa 486 na sabi-sabi na na-post mula Pebrero 1, 2020 hanggang Mayo 31, 2020. Para makita ang lahat ng nakolektang datos, magpadala ng email sa: covid-19@internews.org.

Mga Tema



Sa pamamagitan ng mas masusing pagsusuri sa mga sabi-sabi, naikakategorya namin an mga ito sa malalawak na tema. Ang limang pinakalaganap na tema ng mga sabi-sabi sa wikang Simplified Chinese ay Panggamot o Lunas, Pang-iwas, Sanhi, Hindi Makatuwirang Palagay, at mga sabi-sabi tungkol sa pagtugon ng Pamahalaan sa pandemya.

Halimbawang Sabi-sabi: Sanhi

"Simple lang ito. Pinakamalala ang epidemya kung saan nagmula ang virus. Hindi nagmula sa Asia ang virus, dahil hindi ganoon kalala ang sitwasyon dito. Pinakamalala ang epidemya sa U.S., pagkatapos ay sa Europe, kung saan nagmula ang virus. Halatang-halata naman ito." - Baidu Tieba

"Paano mapapatahimik ng Partido Komunista ng China ang mundo sa pamamagitan ng paggamit sa kapangyarihan ng pandaigdigang dayuhang propaganda para maglunsad ng pandigmaang propaganda upang baluktutin ang katotohanan at gawing mga likas na virus ang mga biological at chemical weapon?"

Halimbawang Sabi-sabi: Panggamot / Lunas

"Ang pag-aaral at pagsasaliksik sa medisina ng Chinese ang tamang paraan para labanan ang mga virus; hindi ubra sa mga virus ang medisina ng Kanluran!" - Weibo

Halimbawang Sabi-sabi: Pamahalaan

"Ayon sa mga listahan ng mga namatay mula sa panloob na estadistika ng CCP, mula sa daan-daang namatay, halos 90% ang rate ng mga miyembro ng partido. Mula sa datos sa iba't ibang bansa, talagang puntirya ng CCP virus ang mga miyembro ng CCP at mga taong malapit sa CCP. Sa isang pahina, may 65 kamatayan, at karamihan sa mga ito ay mga nangungunang miyembro ng Partido Komunista at pulisya. Ang nakasaad ding sanhi ng kamatayan ay "biglang pagkakasakit dahil sa labis na pagtatrabaho". - Twitter

"Kahapon lang muling nagbukas ang Hubei, at nagkaroon din ng marahas na ugat ng astragalus, Pseudostellaria heterophylla, A. ginseng, Agastache rugosa, dahon ng Thrush, Nepeta, wild chrysanthemum, at insekto." - WeChat

Halimbawang Sabi-sabi: Pang-iwas

"Makakatulong na makaiwas sa bagong coronavirus sa pamamagitan ng hilaw na ugat ng astragalus, Pseudostellaria heterophylla, A. ginseng, Agastache rugosa, dahon ng Thrush, Nepeta, wild chrysanthemum, at insekto." - WeChat


"Makakatulong ang pagsusuob para makaiwas sa virus, at naghahanda ako ng maraming pulbos ng likas na agarwood mula sa Hainan, 5 kg kada supot. Pangontra sa virus ang agarwood. Dapat mong husayan ang pag-iwas at pagkontrol habang maaga pa para mapaliit ang posibilidad na maimpeksyon ng virus ang mga tao at madagdagan ang kaalaman sa kalusugan!" - Weibo

Halimbawang Sabi-sabi: Hindi Makatuwirang Palagay

"Mayroon nang ebidensya na nagpapatunay na mula sa United States ang bagong coronavirus, kaya dapat itong tawagin na 'American pneumonia'." - Weibo

"Kung digmaan ang pamaminsala ng virus mula sa Komunistang China sa buong mundo, mga kriminal sa digmaan sila." - Twitter

Platform



Twitter ang pangunahing platform kung saan nakuha ang impormasyon, gunit nakapagtala rin kami ng ilang sabi-sabi mula sa Baidu Tieba, Weibo, Facebook, Kwai, TikTok, Douban, WeChat, at Zhihu.

Lubhang Mapanganib

"Marami ring iba pang gawang-tao na sampol ng virus sa laboratoryo ng Wuhan, at ung hahabulin ng buong mundo ang CCP, malamang na sisimulang sadyang magkalat ng CCP ng iba pang sampol ng virus sa buong mundo para labanan ito, at apat alertuhan habang maaga pa ang buong mundo tungkol sa pagmamadali ng CP na lumabag sa mga batas."

"Parami nang parami ang ebidensya na nagpapatunay na sadyang ikinakalat ng mga Chinese ang Wuhan virus sa United States, Australia, Canada, at United Kingdom." - Twitter

"Wala pang gamot na may mga espesyal na epekto para sa bagong coronavirus. Gayunpaman, hangga't hindi malala ang mga sintomas, mapapagalang ang mga ito, dahil nagkaroon ng resistensya ang katawan katagalan. Kaya naman, ang pinakamagandang ideya para magamot ay pabagsakin ang iyong resistensya! 1. Pabagsakin ang resistensya, para hindi lumala ang pamamaga. 2. Pagkalipas ng 14 na araw, kusang magkaroon ng resistensya sa virus ang katawan. 3. Sa loob ng panahong iyon, gumamit ng medisina ng Chinese na pangontra sa pamamaga at panlinis ng katawan para luminis ang baga." - Baidu Tieba

Mayo 2020

Napuno ang social media sa China sa buwan ng Mayo ng mga paratang na nagsasabing genetically-engineered na bio-weapon na gawa sa laboratoryo ang coronavirus.

May 14 na natatanging post sa social media na nakolekta ang nagtalakay sa isyung ito, at sabi ng isang user sa Twitter:


"Marami ring iba pang gawang-tao na sampol ng virus sa laboratoryo ng Wuhan, at kung hahabulin ng buong mundo ang CCP, malamang na sisimulang sadyang magkalat ng CCP ng iba pang sampol ng virus sa buong mundo para labanan ito, at dapat alertuhan habang maaga pa ang buong mundo tungkol sa pagmamadali ng CCP na lumabag sa mga batas."



Tagalog

Ang analisis na ito ay batay sa 534 na sabi-sabi na na-post mula Pebrero 2, 2020 hanggang Mayo 31, 2020. Para makita ang lahat ng nakolektang datos, magpadala ng email sa: covid-19@internews.org.

Mga Tema



Sa pamamagitan ng mas masusing pagsusuri sa mga sabi-sabi, naikakategorya namin ang mga ito sa malalawak na tema. Ang limang pinakalaganap na tema ng sabi-sabi sa wikang Tagalog ay Panggamot o Lunas, Pang-iwas, Sanhi, Hindi Makatuwirang Palagay, at mga sabi-sabi na tungkol sa pagtugon ng Pamahalaan sa pandemya.

Halimbawang Sabi-sabi: Panggamot / Lunas

"Maraming tao ang nagsusuot ng face mask sa Maynila. Hindi ba nila alam na namamatay sa init ang coronavirus?" - Twitter

"Lunas daw sa COVID-19 ang tamod sabi ng isang doktor. Sa mga lalaki diyen, mag-donate na kayo ng tamod para sa mga naimpeksyon." - Twitter

Halimbawang Sabi-sabi: Pamahalaan

"Nire-raid ang mga ospital, at kailangang dumaan sa Pangulo pati ng mga donasyon ng pribadong sektor? Ayaw mo lang tingnan ang mga nangyayari dahil may pribilehiyo ka." - Twitter

"Nadiskubre ang Fabunan Antiviral Injection ng isang Pilipinong doktor. Ayaw itong kilalanin ng gobyerno dahil wala silang kita rito. Bakit ayaw suportahan ng mga ahensya ng pamahalaan ang sariling atin? Bakit? Bakit?" - Facebook

Halimbawang Sabi-sabi: Hindi Makatuwirang Palagay

"Mas mabuti nang magkaroon ng coronavirus kaysa mahawa ng HIV." - Twitter

"May bagong virus na kumakalat sa China na tinatawag na hantavirus. Mula ito sa mga daga. Sige, kain lang nang kain ng mga buhay na daga. Ano ba ang problema ng mga Chinese? Puwede bang pakisabihan ang mga Chinese kung ano ang normal na pagkain??? Grabe. Hindi pa nga tayo tapos sa nakamamatay na COVID-19. Tulungan Mo kami, Panginoon... Maawa ka sa amin..." - Facebook

Halimbawang Sabi-sabi: Pang-iwas

"May alternatibong lunas sa COVID-19—ang pagkonsumo ng Nitric Oxide. Makukuha ito sa bangkoro. Napapalakas nito ang resistensya ng mga tao kaya maiiwasang mahawa ng sakit." - Twitter


"Para malabanan ang nCoV-19. PALAKASIN ANG IYONG RESISTENSYA. HONEY-C SYRUP (250ml)" - Facebook

Halimbawang Sabi-sabi: Sanhi

"Nasa China ang Alibaba, at sa likod ng mga supplier nito ay mga manufacturer na gumagawa ng mga produkto para sa buong mundo. Kapag may sakit na ang lahat, kaya nilang magsagawa ng 'mass production' at sa kanila kukuha ang buong mundo ng mga supply, PPE, face mask, surgical glove, alkohol, atbp. Nasa kanila ang pinakamalaking manufacturer na binibilhan ng lahat ng tinamaan ng COVID-19 sa buong mundo. 😞😞😞" - Facebook

"Galing ang coronavirus sa mga paniki at isa itong uri ng rabies na nakuha ng mga tao sa pagkonsumo sa mga ito. Ganito rin ang nangyayari sa pagkain ng mga aso, na may rabies, sa China. Mapanganib kumain ng mga paniki at aso dahil lumalakas ang rabies." - Facebook

Platform



Twitter ang pangunahing platform kung saan nakuha ang impormasyon, ngunit nakapagtala rin kami ng ilang sabi-sabi mula sa Facebook, YouTube, at Instagram.

Lubhang Mapanganib

Nakapangkat din ang mga sabi-sabi ayon sa potensyal na panganib ng mga ito. Mula sa 534 na sabi-sabi na naanalisa, 14% ang minarkahan bilang 'Lubhang Mapanganib'. Narito ang ilang paulit-ulit at lubhang mapanganib na sabi-sabi na nakita namin:

"Methamphetamine (shabu) ang lunas sa COVID-19." - Twitter

"Ibig sabihin, mapapahupa lang ngunit hindi mapupuksa ang virus. Kaya kung maimpeksyon ka at gumaling ka, para itong time bomb.

Paano kung na-flatten na ang curve at bumalik na sa normal ang lahat, pagkatapos ay biglang naging aktibo ang dormant na virus na dala ng mga naimpeksyon? Ang dapat gawin sa kanila, isama sa mga nauna sa kanila... Patayin sila tulad ng ginawa ng North Korea sa una nilang pasyente." - Facebook

Mayo 2020

Nagkaroon ng mainit na debate sa social media sa Pilipinas sa buwan ng Mayo tungkol sa mga sabi-sabi na may bakunang 'aprubado ng FDA' laban sa coronavirus ang Fabunan Medical Clinic. Dahil dito, nagbigay ng babala ang Kagawaran ng Kalusugan ng Pilipinas at sinabihan nito ang mga gumagamit ng social media na itigil ang pagpo-promote sa panggamot na iyon bilang lunas o pang-iwas sa coronavirus.

Ayon sa isang user sa Facebook:


"Panggigipit ito. Pagpalain nawa ng Diyos ang mga doktor na Fabunan. Gamitin ang social media para ilabas ang katotohanan. Nararapat na magkaroon ang mga Pilipino ng mabisang lunas at bakuna para sa COVID-19, at hindi ng maruruming bakuna na ineendorso ng World Health Organization, Big Pharma, at ni Bill Gates. Magsalita tungkol sa panggigipit ng Food and Drug Administration at Department of Health."



Khmer

Ang analisis na ito ay batay sa 233 sabi-sabi na na-post mula Abril 8, 2020 hanggang Mayo 31, 2020. Para makita ang lahat ng nakolektang datos, magpadala ng email sa: covid-19@internews.org.

Mga Tema



Sa pamamagitan ng mas masusing pagsusuri sa mga sabi-sabi, naikakategorya namin ang mga ito sa malalawak na tema. Ang limang pinakalaganap na tema ng sabi-sabi sa wikang Khmer ay Panggamot o Lunas, Pang-iwas, Sanhi, Hindi Makatuwirang Palagay, at mga sabi-sabi na tungkol sa pagtugon ng Pamahalaan sa pandemya.

Halimbawang Sabi-sabi: Sanhi

"Ang mga kamatayan dahil sa COVID-19 ay bunga ng pagsabog ng daanan ng ihi. Naglalabas ng mga cytokine na nagdudulot ng pamamaga ang kondisyong ito. Cytokine storm ang teknikal na termino para dito." - Facebook

"Gawa ng siyensya ang virus na nagdudulot ng COVID-19, hindi tulad ng mga virus na nagdudulot ng SARS at MERS na galing sa mga hayop." - Facebook

Halimbawang Sabi-sabi: Panggamot / Lunas

"Naniniwala pa rin ako na nauugnay sa malaria ang COVID-19. Dapat nating pag-aralan kung malulunas ng malaria o ng mga elemento ng malaria ang COVID-19. Bakit hindi?" - Facebook

"Cambodia = Populasyon: 17 milyon. 122 kaso ng COVID-19... gumaling lahat, walang namatay. Dahilan = Hydroxychloroquine, at sikat ng araw. Ayon nga sa walang-kamatayang sinabi ni Al Gore, "Tapos na ang Debate." - Twitter

Halimbawang Sabi-sabi: Pamahalaan

"Walang coronavirus! Walang pondo! Peke o totoo ba ang coronavirus? Nakalikom si PM Hun Sen ng milyon-milyong dolyar mula sa malalaking negosyante. Saan napunta ang pera? Nag-anunsyo ang PM ng 1 bilyong dolyar para mapigilan ang COVID-19. Nasaan na ang pera?" - Facebook

"Kahapon lang muling nagbukas ang Hubei, at nagkaroon ng marahas na pagganti sa pulisya ng Jiujiang. May mga taganayon sa Suizhou, Hubei na pinatay ng kalihim ng nayon dahil nahawahan sila ng CCP virus. Huwag kang magpapahawa. Puwede kang ilibing nang buhay kung mahahawahan ka." - Twitter

Halimbawang Sabi-sabi: Pang-iwas

"Kumusta! May magandang balita ako ngayong araw. Kumain ng itim na bawang para makaiwas sa sakit na ito. Mapapalabas ng itim na bawang ang mga kemikal sa ating katawan. Kung interesado ang lahat, pumunta sa Aeon Mall. Salamat!" - Facebook


"Ikaw ang bahala kung gusto mong maniwala o hindi: Buksan ang pinto! Buksan ang bintana! Ayon sa mahahalagang eksperimento, napapatay ng sikat ng araw ang hanggang 90% ng COVID-19 sa loob ng 10 minuto." - Facebook

Halimbawang Sabi-sabi: Mga Sintomas

"Maaaring bagong sintomas ng COVID-19 ang mga kulay lila at namamagang daliri sa paa." - Facebook

"Umaabot nang 41 araw bago lumabas ang bagong sintomas ng coronavirus at malaman kung may impeksyon ka o wala." - Facebook

Platform



Facebook ang pangunahing platform kung saan nakuha ang impormasyon, ngunit nakapagtala rin kami ng ilang sabi-sabi mula sa Twitter, Hellokrupet.com, YouTube, at sa mga talakayan sa ilang site ng balita.

Lubhang Mapanganib

Nakapangkat din ang mga sabi-sabi ayon sa potensyal na panganib ng mga ito. Mula sa 233 sabi-sabi na naanalisa, 5% ang minarkahan bilang 'Lubhang Mapanganib'. Narito ang ilang paulit-ulit at lubhang mapanganib na sabi-sabi na nakita namin:

"Maaaring maipasa ng mga pulis ang coronavirus sa mga pamilya at puwede itong kumalat sa buong bansa. Puwedeng mangyari ang pagpapasa sa pamamagitan ng perang ipinapambayad ng multa sa mga pulis ng mahihirap na walang maayos na pitaka. Puwedeng mabasa ang pera at mabilis na kakalat ang virus. Isa pang isyu ang hindi pagsunod sa social distancing kapag nagmumulta at nagpoproseso ng mga lisensya sa pagmamaneho; magkakalapit sila at nagkakatamaan ng patak at pawis." - Facebook

"Nagsisimula nang mag-panic ang mga nagdedeposito sa bangko at gusto nilang i-withdraw ang pera nila. Palala ito nang palala dahil kulang ang kayang ilabas ng bangko dahil dumarami ang hindi nakakapagbayad ng utang. Nawawalan ng tiwala ang mga tao dahil sa sapilitang pag-freeze ng mga deposito na dahilan para malugi ang mga bangko at microfinance na institusyon." - Facebook

Mayo 2020

Inanunsyo ng Cambodia sa kalagitnaan ng buwan ng Mayo na magaling na at nakalabas na ng ospital ang huling pasyente nito na may COVID-19. Naiulat ang huling positibong kaso sa buwan ng Abril, at dahil 126 na positibong kaso lang at walang kamatayan ang naitala, nagkaroon ng mga sabi-sabi sa social media sa Cambodia na nagtatalakay sa posibilidad na may mas malakas na resistensya sa virus ang mga tao sa South Asia.

Ayon sa isang user sa Facebook:

"Mas malakas ang resistensya natin sa COVID-19, malamang dahil matindi ang mga ginagawa natin kaya hindi tinatablan ng iba't ibang sakit ang mga katawan natin. Nabubuhay at nagtatrabaho tayo nang bilad sa araw kaysa babad sa aircon..."